Mensahe Lima

**Ang Lihim sa Pamumuhay ng Buhay-Kristiyano upang maging isang Mandaraig—
Pagkuha sa Daan ng Pagkain at Pagtatamasa kay Kristo bilang ang Puno ng Buhay**

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:9; Rev. 2:7; Juan 6:57, 63; Jer. 15:16; Awit. 119:15; Ezek. 3:1-4

I. **Ang lihim sa pamumuhay ng buhay-Kristiyano upang maging isang mandaraig ay ang kunin natin ang daan ng pagkain at pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay; hindi nilalayon ng Diyos na gumawa tayo ng anumang bagay para sa Kanya; ang tanging nais Niya ay ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin bilang pagkain para sa ating katamasahan; tanging_ang mga kumukuha ng daan ng pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay ang makakakita ng kanilang buhay at gawain na nananatili sa Bagong Herusalem—Gen. 2:9; Apoc. 2:7.**

II. **Maaari nating kainin ang Panginoong Hesus bilang ating espirituwal na pagkain para sa ating katamasahan, tinatanggap Siya bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay sa pamamagitan ng pagkain sa Kanyang mga salita na espiritu at buhay sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at sa pagbubulay-bulay sa Kanyang mga salita—Jer. 15:16 at talababa; Efe. 6:17-18; Aw. 119:15 at talababa; Mat. 4:4; Aw. 119:103:**

A. Kapag kinakain natin ang Panginoong Hesus sa pamamagitan ng Kanyang mga salita na espiritu at buhay, tayo ay mabubuhay *dahil sa* Kanya (Juan 6:57, 63); tayo ay nabubuhay hindi *sa pamamagitan* ni Kristo kundi *dahil* kay Kristo bilang ating nagpapalakas na elemento at nagtutustos na salik; ating ipinamumuhay si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli, at ating ipinamumuhay si Kristo sa pamamagitan ng pagkain sa Kanya—(Gal. 2:20; Fil. 1:19-21a).

B. Habang kinakain natin ang Panginoong Hesus sa pamamagitan ng pagkain sa Kanyang mga salita, kailangan nating magkaroon ng wastong espirituwal na pagtunaw—Ezek. 3:1-4; Jer. 15:16; Apoc. 10:9-10:

1. Kung tayo ay may wastong pagtunaw, magkakaroon ng isang daanan upang makapasok ang pagkain tungo sa bawat bahagi na ating panloob na katauhan; sa pamamagitan ng pagkain ay mayroon tayong pagtunaw, sa pamamagitan ng pagtunaw ay mayroon tayong asimilasyon, at sa pamamagitan ng asimilasyon ay nakukuha natin ang praktikal na pagpapakain ng mga kayamanan ni Kristo tungo sa ating katauhan—Efe. 3:8, 16-17a.
2. Ang hindi matunawan ay nangangahulugan na walang daan para sa Panginoon bilang espirituwal na pagkain na makapasok sa ating mga panloob na bahagi; kapag walang malayang daanan para makapasok ang pagkain sa ating mga panloob na bahagi, tayo ay hindi matutunawan—Heb. 3:12, 15; 4:2.
3. Kailangan nating panatilihin ang ating buong katauhan, kasama ang lahat ng ating panloob na bahagi, na bukas sa Panginoon upang ang espirituwal na pagkain ay magkaroon ng isang daanan sa loob natin; kung gagawin natin ito, tayo ay magkakaroon ng wastong pagtunaw at asimilasyon, sisipsipin natin si Kristo bilang espirituwal na pagkain, at si Kristo ay magiging ating bumubuong sangkap para sa kahayagan ng Diyos—Efe. 3:16-17a; Col. 3:4, 10-11.

III. **Maaari natin Siyang kainin sa pamamagitan ng paggawa ng kalooban ng Ama upang bigyang-kasiyahan ang mga nagugutom at nauuhaw at sa pamamagitan ng pagluluwalhati sa Ama sa lupa sa pamumuhay ng buhay ng isang Diyos-tao para sa kaluwalhatian ng naprosesong Tres-unong Diyos—Mat. 24:45-47; Efe. 4:20-21:**

A. "Ako ay may pagkaing hindi ninyo nalalaman… Ang pagkain Ko ay ang gawin ang kalooban Niya na nagsugo sa Akin at tapusin ang Kanyang gawain"—Juan 4:32, 34.

B. Sa Kanyang pantaong pamumuhay ay kumain ang Panginoon ng mantikilya (ang pinakamayamang biyaya) at pulót (ang pinakamatamis na pag-ibig), na nagbigay sa Kanya ng kapangyarihan na laging piliiin ang kalooban ng Ama—Isa. 7:14-15 (ASV 1901).

C. "Niluwalhati Kita sa lupa, ginaganap ang gawain na ipinagawa Mo sa Akin" (Juan 17:4); ang luwalhatiin ang Diyos ay ang ihayag ang Diyos sa lahat ng bagay (cf. Col. 1:9-11).

D. Tayo ang mga natututo kay Kristo kung paanong "ang realidad ay na kay Hesus"; ang *ang realidad ay na kay Hesus* ay tumutukoy sa aktuwal na kalagayan ng buhay ng Panginoong Hesus gaya ng nakatalâ sa apat na Ebanghelyo, isang buhay kung saan niluwalhati Niya ang Ama sa lupa upang magtatag ng isang tularan para sa Kanyang mga mananampalataya—Efe. 4:20-21:

1. Si Hesus ay namuhay ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos upang luwalhatiin ang Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos; sa pagkabuhay na muli, Siya ay naging Espiritung nagbibigay-buhay upang Siya ay makapasok sa atin upang maging ating buhay; tayo ay natututo mula sa Kanya (Mat. 11:29) ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi sa pamamagitan Niya bilang ating buhay sa loob ng pagkabuhay na muli (Col. 3:4; 1 Ped. 2:21).
2. Ang Panginoong Hesus ay hindi kailanman gumawa ng anumang bagay mula sa Kanyang sarili (Juan 5:19); hindi Niya ginawa ang Kanyang sariling gawain (4:34; 17:4), hindi Niya sinalita ang Kanyang sariling salita (14:10, 24), hindi Niya ginawa ang Kanyang sariling kalooban (5:30), at hindi Niya hinanap ang Kanyang sariling kaluwalhatian (7:18).
3. Ang matutuhan si Kristo ay simpleng maihubog tungo sa tularan ni Kristo, yaon ay, ang maiwangis sa larawan ni Kristo; Siya mismo bilang ang nananahanang Espiritu, ang kautusan ng Espiritu ng buhay, kalakip ang lahat ng kayamanan ng Kanyang buhay, ay nagpaparami ng Kanyang sarili sa loob natin—Roma 8:2, 28-29.

E. Sinasabi ng Isaias 43:7, "Bawa't tinatawag sa Aking pangalan, / Yaong Aking nilikha, inanyuan at maging ginawa para sa Aking kaluwalhatian"; ang pinakamataas na paglilingkod na maigagawad natin sa Diyos ay ang ihayag ang Kanyang kaluwalhatian—2 Cor. 3:18; Roma 9:23.

F. Sinasabi ng 1 Corinto 6:20, "Kayo ay binili ng isang halaga. Luwalhatiin nga ninyo ang Diyos sa inyong katawan"; ito ay ang hayaan ang Diyos, na nananahan sa loob natin (1 Juan 4:13), na okupahan at tigmakan ang ating katawan bilang Kanyang templo (1 Cor. 6:19); sinasabi ng 1 Corinto 10:31, "Kayo man ay kumakain o umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos."

**IV. Maaari natin Siyang kainin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa mga wastong tao —Lev. 11:1-3, 9, 13, 21:**

A. Ang kumain ay ang kaugnayin ang mga bagay na nasa labas natin at tanggapin ang mga ito tungo sa atin, na may resulta na ang mga ito sa kalaunan ay magiging bahagi ng ating panloob na pagkakabuo; sa Levitico 11, ang lahat ng hayop ay sumasagisag sa iba't ibang uri ng mga tao, at ang pagkain ay sumasagisag sa ating pakikipag-ugnay sa mga tao (Gawa 10:9b-14, 27-29); upang ang bayan ng Diyos ay makapamuhay ng isang banal na buhay na gaya ng hinihiling ng banal na Diyos, dapat silang mag-ingat hinggil sa uri ng mga tao na kanilang kinakaugnay (Lev. 11:46-47; 1 Cor. 15:33; 2 Cor. 6:14-18; 2 Tim. 2:22).

B. Ang mga hayop na may baak ang paa at ngumunguya (Lev. 11:3; cf. bb. 4-8, 26-28) ay sumasagisag sa mga taong may pagkakilala sa kanilang mga aktibidad (Fil. 1:9-10) at tumatanggap ng salita ng Diyos nang may lubhang pagsasaalang-alang (Awit 119:15).

C. Ang mga hayop sa tubig na may mga palikpik at mga kaliskis ay sumasagisag sa mga taong nakakakilos at malayang nakagagalaw sa sanlibutan at sa parehong pagkakataon ay nilalabanan ang impluwensya nito (tinutulungan ng mga palikpik ang isda na kumilos, gumalaw, sa tubig ayon sa kagustuhan nito, at pinoprotektahan at iniingatan ng mga kaliskis ang mga isda na nabubuhay sa dagat mula sa pagiging maalat)—Lev. 11:9.

D. Ang mga ibon na may mga pakpak para sa paglipad at kumakain ng mga binhi bilang kanilang panustos-buhay ay sumasagisag sa mga tao na nakapamumuhay at nakakakilos sa isang buhay na malayo at nasa ibabaw ng sanlibutan at kumakain ng mga bagay ng buhay bilang kanilang panustos-buhay—b. 13.

E. Ang mga kulisap na may mga pakpak at may mga binti sa ibabaw ng kanilang mga paa para sa paglundag sa lupa ay sumasagisag sa mga taong nakapamumuhay at nakakakilos sa isang buhay na nasa ibabaw ng sanlibutan at naiingatan ang kanilang sarili mula sa sanlibutan—bb. 21-22.

V. **Maaari natin Siyang kainin sa pamamagitan ng pagpipista sa Kanya sa mga pagpupulong sa batayan ng kaisahan:**

   A. Tinamasa ng mga anak ni Israel ang bunga ng mabuting lupain sa dalawang paraan: ang pangkaraniwan, pribadong paraan ay ang tamasahin ito bilang pangkaraniwang bahagi sa anumang panahon, saan mang lugar, at kasama ninuman (Deut. 12:15); ang espesyal, sama-samang paraan ay ang tamasahin ang pinakatampok na bahagi, ang mga unang bunga at ang mga panganay, kasama ang lahat ng Israelita sa mga itinakdang kapistahan at sa namumukod-tanging lugar na pinili ng Diyos (bb. 5-7, 17-18).

   B. Gayundin, ang pagtatamasa kay Kristo ng mga Bagong Tipang mananampalataya ay may dalawang aspekto: ang pangkaraniwan, pribadong aspekto ng pagtatamasa kay Kristo sa anumang panahon at saan mang lugar, at ang espesyal, sama-samang aspekto ng pagtatamasa sa pinakatampok na bahagi ni Kristo sa mga pagpupulong ng wastong buhay-ekklesia sa namumukod-tanging batayan ng kaisahan, ang lugar na pinili ng Diyos.

VI. **Ang intensyon ng Diyos para sa tao ay ang ibigay ang Kanyang sarili bilang ang puno ng buhay upang tamasahin ng tao; ang makita na ninanais ng Diyos na tamasahin natin Siya at na ayaw Niya na gumawa tayo ng anumang bagay para sa Kanya ay ang makita na ang buhay-Kristyano ay isang bagay ng pagtatamasa kay Kristo bilang ang puno ng buhay; kung mababago ang ating konsepto upang makita ang dalawang puntong ito, magiging madali para sa atin na mamuhay ng isang buhay ng pagtatamasa sa Diyos.**

*© 2022 Living Stream Ministry*